
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN




# MODYUL 24

# KARAPATANG PANTAO

**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**
**Department of Education**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**MODYUL 24**

**KARAPATANG PANTAO**




Isang pagbati! Ikaw na nasa Ika-24 na modyul na. Ibig sabihin, ay matatapos na ang kursong ito.

Ipinapaalam ng modyul na ito ang mga karapatan mo upang may magamit kang pananggalang sa pang-araw-araw na pakikipagsapalaran mo sa buhay. Ang mga karapatang pantao ay may malaking maitutulong upang mabigyan ka ng proteksyon laban sa mga tao o grupo ng taong nais mang-api at magsamantala.



Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin:

- Aralin 1: Konsepto, Batayan at Uri ng Karapatang Pantao
- Aralin 2: Iba Pang Pandaigdigang Instrumento ng Karapatang Pantao
- Aralin 3: Paglabag sa Karapatang Pantao at mga Hakbang Upang Iwasan Ito



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliwanag ang konsepto ng karapatang pantao at ang mga batayan nito;
2. Makapagbibigay ng mga halimbawa ng mga karapatang pantao batay sa mga uri nito;
3. Masusuri ang iba't ibang pandaigdigang instrumento ng karapatang pantao; at
4. Mailalahad ang mga uri ng paglabag sa karapatang pantao at masasabi ang mga hakbang upang malunasan ang mga paglabag sa karapatang pantao.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Isulat kung ang mga sumusunod na karapatan at karapatang Sibil, Pulitikal, Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkultural

________________1. Karapatan sa impormasyon ukol sa idudulog na kaso laban sa isang tao.
_______________2. Karapatang mabuhay.
_______________3. Karapatang maghanapbuhay.
_______________4. Karapatang maglibang at magpahinga.
_______________5. Karapatang sumali sa asembilya.
_______________6. Karapatang sa edukasyon.
_______________7. Karapatang panatilihin ang sariling sistema ng pagpapahalaga.
_______________8. Karapatang bumoto.
_______________9. Karapatang maging lider ng pamayanan at ng bansa.
_______________10. Karapatang mamili ng hanapbuhay.

II. Panuto: Punan ang mga patlang.

1. Ang pagtugon sa mga pangangailangan ng tao ay pagtugon sa ____________________.
2. Ang batayan ng karapatang pantao sa Pilipinas ay ang ____________________.
3. Ang instrumento upang mabigyang proteksyon ang karapatan ng mga kababaihan ay ____________________.
4. Ang instrumento upang mabigyan proteksyon ang karapatan ng mga bata ay ang ____________________.
5. Ang karapatang sibil, pulitikal, pangkabuhayan, panlipunan at pangkultural ay makikita sa ____________________.
6. Ang karapatang sibil, pulitikal, pangkabuhayan, panlipunan at pangkultural ay mga karapatang dapat tamasihin ng ____________________.
7. Ang karapatang Pilitikal, panlipunan at pangkultural ay mga karapatang tinatamasa ng mga pangkat at ____________________.
8. Kapag ang karapatan ay hindi natatamasa, ang mga karapatang ito ay ____________________.
9. Kapag ang isang tao ay binugbog, ito ay paglabag na ____________________.
10. Kapag ang isang babae ay napagsamantalahan, ito ay paglabag na ____________________.


**ARALIN 1**

**KONSEPTO, BATAYAN AT URI NG KARAPATANG PANTAO**



Malalaman mo sa araling ito ang konsepto at mga uri ng karapatang pantao. Umiinog ang konsepto ng karapatang pantao sa pagbibigay proteksyon at pagsusulong ng dignidad ng isang tao.

Ang karapatang pantao ay nahahati sa dalawa: karapatang pang indibidwal at pangkatan. Ang mga karapatang pang-indibidwal ay ang mga karapatang sibil, pulitikal, pangkabuhayan, panlipunan at pangkultural. Ang mga karapatang pangkatan naman ay ang karapatan sa pagpapaunlad ng kabuhayan, lipunan, at kultural.



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagpapaliwanag ng konsepto ng karapatang pantao at ang mga batayan nito;
2. Makasusuri ng mga uri ng karapatang pantao at makapagbibigay-halimbawa ng mga karapatan sa bawat uri; at
3. Makapagpapahayag ng mga kalagayan ng karapatang pantao.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Gumuhit o gumipit ng mga larawan ng mga kailangan ng isang tao upang mabuhay. Idikit sa bahagi ng katawan ng tao ang pangangailangang ito. Halimbawa: idikit ang aklat sa bahaging ulo ng tao, ang pagkain sa tiyan, atbp.

Matapos idikit ang mga larawan ng mga kailangan ng tao, isulat sa paligid ng drowing ang mga institusyong dapat tumulong upang makamtan ng tao ng kanyang mga pangangailangan.



Suriin mo ang iyong ginawa:

1. Anu-ano ang mga pangangailangan ng tao upang mabuhay siya nang marangal? ______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
2. Anu-ano sa mga pangangailangang ito ang iyong natatamasa? ___________
______________________________________________________
______________________________________________________
3. Anu-ano naman sa mga pangangailangang ito ang hindi mo natatamasa?
______________________________________________________
______________________________________________________

4. Anu-ano ang mga institusyon na kailangan ng tao upang makamit niya ang kanyang mga pangangailangan? ______________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
5. Ano ang mangyayari sa tao kung hindi niya natamasa ang kanyang pangangailangan? ______________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
6. Ano ang nawawala sa tao kung hindi niya natatamasa ang kanyang mga pangangailangan? ______________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
7. Ano ang nangyayari sa tao kung natatamasa niya ang kanyang mga pangangailangan? ______________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
8. Para sa iyo, mahalaga ba nag karapatang Pantao? Ipaliwanag. ___________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

**Kahulugan at Kahalagahan ng Karapatang Pantao**

Ang mga pangangailangan ng tao ay dapat matugunan upang siya ay mabuhay. Karapatan ng tao na matugunan ang kanyang mga pangangailangan upang siya ay mabuhay nang may dignidad bilang tao.

Ang karapatang pantao ay ang mga karapatan na tinatamasa ng tao sa sandaling siya ay isilang. Ang pagkakamit ng tao ng mga pangangailangan niya tulad ng pagkain. Damit, bahay, edukasyon at iba pang pangangailangan ay nangangahulugan na nakakamit niya ang kanyang karapatan. Hindi maaaring mabuhay ang tao kung hindi niya nakakamit ang kanyang mga karapatan. Mayroon tayong karapatan dahil tayo ay tao. Ang pagkakaroon ng karapatang pantao ay


bahagi na ng pagiging tao at hindi na kinakailangan pang ito ay kilalanin ng pamahalaan sa estado sapagkat likas na itong bahagi ng tao.

Mahalagang malaman natin ang ating karapatan upang matamasa natin ang mga pangunahing pangangailangan natin bilang tao. Sinumang umagaw sa ating mga pangangailangan o kumitil sa ating buhay ngang walang dahilan ay lumabag as ating karapatn bilang tao. Maari tayong dumulog sa hukuman kung sakaling nahahadlangan ang ating karapatan.

Ang pagkilala sa karapatang pantao ay pagkilala din sa karapatan ng iba. Ang pagkilala sa karapatan ng iba ay nasasaad ng ating obligasyon na igalang ang karapatan ng lahat ng tao. Kung lahat ng mamamayan ay kumikilala sa karapatan ng bawat isa, malaki ang posibilidad ng kapayapaan sa lahat ng aspeto ng ating buhay sa lipunang Pilipino.

**Ang Uri ng Karapatang Pantao**

Tunghayan ang mga larawan sa tsart. Anu-ano ang mga uri ng karapatang pantao na nakalarawan?



Ang karapatang pantao ay nahahati sa karapatan bilang indibidwal at pangkatan. Napansin mo marahil iyon sa mga larawan sa tsart.

1. **Indibidwal o personal na karapatan.** Ito ay ang mga karapatan na pag-aari ng mga indibidwal na tao para sa pagunlad ng sariling pagkatao at kapakanan. Ang mga karapatang ito at ang sibil o pulitikal ng karapatan, ang panlipunan, pangkabuhayan, ay kultural na karapatan.

    a. **Karapatang Sibil.** Ito ang mga karapatan ng tao upang mabuhay na malaya at mapayapa. Ilan sa mga halimbawa ng karapatang sibil ay ang karapatang mabuhay, pumili ng lugar kung saan siya ay maninirahan, maghanapbuhay at mamili ng hanapbuhay.
    b. **Karapatang Pulitikal.** Ito ang mga karapatan ng tao na makisali sa mga proseso ng pagdedesisyon ng pamayanan tulad ng pagboto ng mga opisyal, pagsali sa *referendum* at plebisito.
    c. **Karapatang Panlipunan.** Ito ay ang mga karapatan upang mabuhay ang tao sa isang lipunan at upang isulong ang kanyang kapakanan.
    d. **Karapatang Pangkabuhayan.** Ito ang mga karapatan ukol sa pagsusususulong ng kabuhayan at disenteng pamumuhay.
    e. **Karapatang Kultural.** Ito ang mga karapatan ng taong lumahok sa buhay kultural ng pamayanan at magtamasa ng siyentipikong pag-unlad ng pamayanan.

2. **Panggrupo o kolektibong karapatan.** Ito ang mga karapatan ng tao ng bumuo ng pamayanan upang isulong ang panlipunan. Pangkabuhayan, at pangkultural ng pag-unlad sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang likas na kayamanan at pagsusulong ng malusog na kapaligiran.

**Mga Batayang Legal ng Karapatang Pantao**

Ang pagkakaroon ng karapatang pantao ay nakabatay sa mga ginagawang batas sa Pilipinas at sa mga pandaigdigang kasunduan. Bagamat ang tao mula sa kanyang pagsilang ay may karapatang dapat na natatamasa na, mas nakasisiguro tayo kung ito ay nakasulat sa ating batas upang magsilbing sandigan natin kung sakaling hindi natin natatamasa ang ating mga karapatan.

Ang mga pangunahinh instrumentong legal ay ang Saligang-Batas ng Pilipinas at ang Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao.

**Mga Artikulo sa Saligang-Batas ng Pilipinas na Kunilala sa Karapatang Pantao**

Ang karapatang pantao ng mga Pilipino ay maliwanag na naksulat sa Saligang-Batas ng 1987. sa dokumentong ito, ang mga karapatang pantao ay nasa *Bil of Rights* (Art. III); Pagboto (Art V); Deklarasyon ng mga Prinsipyo at Patakaran ng mga Estado (Art II); Katarungang Panlipunan at Karapatang Pantao (Art XIII); Pambansang Ekonomiya at Patrimonya (Art Xii); Edukasyon, Agham at Teknolohiya, Sining, Kultura at Isports (Art. XIV).

Ang mga karapatang pantao na nasusulat sa Deklarasyon ng mga Prinsipyo at patakaran ng Estado (Art. II) ay ang mga sumusunod:

- Papapahalaga sa dignidad ng isang tap at paggarantiya ng buong respeto sa karapatang pantao;
- Pagkilala sa karapatan ng pamilya at pagpapalakas ng pamilya;
- Pagsulong at pagbigay proteksyon sa pisikal, moral, ispiritwal, intelektwal ay panlipunang kapakanan ng mga kabataan;
- Pantay-pantay ng karapatan sa harap ng batas ng mga kababaihan at kalalakihan;
- Proteksyon sa karapatang pangkalusugan at balanse at malinis na kapaligiran ng tao;
- Pagsulong ng kalayaan at pag-unlad ng tao; at
- Pagkilala at pagsulong ng mga karapatan ng mga pamayanan Kultural.

- Lahat ng mga Pilipino ay sakop ng batas na ito kayat dapat natin sundin ang mga ito.

Ang mga karapatang sibil at pulitikal ng mga Pilipino ay nasa *Bill if Rights* (Art. II) tulad ng:

- Karapatang mabuhay, maging malaya at magkaroon ng mga ari-arian
- Karapatan sa makatarungang proseso at pantay na proteksyon ng batas
- Karapatan ng tao sa tamang pamamahala ng katarungan

- Ang katarungang panlipunan at karapatang pantao sa Art. XIII ay nagsusulong ng karapatang panlipunan at pangkabuhayan ng bawat Pilipino. Obligasyon ng pamahalaang Pilipinas na magbigay ng mga panlipunang serbisyo tulad ng edukasyon, kalusugan, at paglilitis ng kaso upang ang mga taong walang pambayad ay matulungan nang libre ng pamahalaan. Ito ay batay sa prinsipyo ng panlipunang katarungan na ang mga taong mahihirap ay dapat magbigyang proteksyon ng ating batas at pamahalaan.

**Ang Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao (Universal Declaration of Human Rights o UDHR)**

Ang UDHR ay nabuo at nilagdaan noong 1948. Ang Pilipinas ay nakalagda sa deklarasyong ito kayat ang instrumentong ito'y dapat ipatupad sa ating bansa.

Binibigyang diin ng Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao na lahat ng tao ay isinilang na malaya at may pantay-pantay na dignidad. Itinakda nito ang pangunahing prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at pagbabawal sa diskriminasyon upang matamasa ang karapatang pantao at ang mga pangunahing kalayaan ng tao.


- Ang mga sibil na probisyon ng UDHR ay ang mga sumusunod:
- Karapatang mabuhay, maging malaya at maging ligtas ng isang tao
- Kalayaan sa pagiging alipin at puwersahang pagtatrabaho o paninilbihan

- Kalayaan laban sa pananakit at malupit, di-makatao at nakakababang-uri ng pagtrato at kaparusahan
- Pagkilala sa tao sa harap ng batas
- Pantay na proteksyon sa harap ng batas
- Epektibong paraan panghukuman laban sa paglabag sa karapatang pantao
- Kalayaan sa walang dahilang pag-aaresto, detensyon, at pagpapalayas sa sariling bansa
- Pantay na paglilitis at pagdinig pampubliko ng isang malaya at walang kinikilingang tribunal
- Pagpapalagay na walang kasalanan ang isang tao hanggat hindi napapatunayang maysala
- Hindi dapat bigyang kaparusahan sa isang aksyon na hindi pa krimen noong ito ay ginawa
- Kalayaan sa pakikiaalam sa pagiging isang pribadong indibidwal, pamilya, bahay at mga sulat
- Kalayaan sa pagpili ng lugar na titirahan at maging sa pag-alis sa isang lugar
- Mag-asawa at magkaroon ng pamilya
- Magkaroon ng ari-arian

- Ang Mga Pulitikal na Karapatan ay:
- Karapatan sa Asylum. Ang Asylum ay ang paghingi ng karapatang maging mamamayan ng isang bansa kung sakaling ang isang tao ay napaalis sa kanyang bansa dahil sa pagtutol sa pamahalaan
- Karapatang magkaroon ng nasyonalidad
- Kalayaan sa pag-iisip, konsensiya at relihiyon
- Kalayaan sa sariling opinyon at pagsasalita
- Kalayaan sa tahimik na asembliya at asosasyon
- Pagsali sa pamahalaan ng sariling bansa
- Pagkakaroong ng pantay na serbisyo publiko sa sariling bansa

- Ang mga Karapatan sa Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkultura ay ang mga sumusunod:

- Karapatan sa panlipunang seguridad
- Karapatang magkaroon ng hanapbuhaty at kalayaan sa pagpili ng empleo
- Pantay na bayad sa pantay na paggawa
- Karampatang kabayaran sa trabaho ng nagbibigay respeto sa pamumuhay na may dignidad
- Bumuo at sumali sa mga unyong pangkalakal
- Karapatan sa pahinga at paglilibang
- Maayos na pamumuhay upang maging malusog (kasama dito ang karapatan sa pagkain, pananamit, pabahay at gamot)
- Magkaroon ng seguridad sa panahon na walang hanapbuhay, pagkakasakit, pagkakaroon ng kapansanan, pagkamatay ng asawa, pagtanda ai iba pang pagkakataon na wala sa kontrol ng tao
- Bigyan ng proteksyon ang mga ina at anak
- Karapatan sa edukasyon. Ang magulang ay may karapatang mamili ng edukasyon ng kanilang anak
- Karapatan sa partisipasyon sa buhay kultural ng isang pamayanan
- Magkaroon ng proteksyon sa moral at material na interes na nagreresulta sa pagiging may akda ng siyentipiko, literari at artistikong produksyon



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Punan ang tsart ng iba't ibang uri ng karapatan

| URI NG KARAPATAN | TIYAK NA HALIMBAWA |
|---|---|
| Sibil | |
| | |
| | |
| Pulitikal | |
| | |
| | |
| Pangkabuhayan | |
| | |

| | |
|---|---|
| | |
| Panlipunan | |
| | |
| Pangkultura | |

Ilista ang mga karapatang parehong nasa Saligang-Batas ng Pilipinas at UDHR.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2. Ilista ang mga karapatan na nasa UDHR ngunit wala sa ating Saligang-Batas.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Kung hindi matatagpuan ang karapatan sa ating Saligang-Batas at nasa UDHR lang, maari pa rin ba nating isulong ang mga karapatang ito? Ipaliwanag.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang karapatang pantao aya ng mga karapatan na tinatawag ng tao sa oras pa lamang na siya ay isilang. Ito ay ang pagtatamasa ng kanyang mga pangangailangan upang siya ay mabuhay.
- Ang karapatang pantao ay may dalawang uri: indibidwal at pangkatan.
- Ang pang-indibidwal na karapatan ay ang karapatang sibil, pulitikal, pangkabuhayan, pangkultural at panlipunan.
- Ang karapatan mga pangkatan ay amg katapatang pangkultura, pangkabuhayan, at panlipunan.
- Ang Saligang-Batas ng Pilipinas at ang Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang pnatao ay ang mga Pangunahing batayan ng karapatang pantao ng mga Pilipino.



Gawain 3: Paglalapat

1. Magtanong sa iyong punong barangay at kagawad ng barangay kung paano nila isinusulong ang karapatan ng kanilang nasasakupan. Isulat ang sagot sa ibaba.

Punong barangay_______________________________________________

_______________________________________________

Kagawad

2. Ano ang masasabi ma sa kanilang mga ginawa?


**ARALIN *2***

**IBA PANG PANDAIGDIGANG INSTRUMENTO NG KARAPATANG PANTAO**



Nalaman mo sa Aralin 1 ang konsepto, kahalagahan, uri at mga pangunahing batayan ng karapatang pantao. Sa araling ito, matutunghayan mo naman ang iba pang pandaigdigang instrumento sa pagsusulong ng karapatang pantao. Ang mga pandaigdigang ito ay reulta ng mga kasunduan ng mga bansa upang ang mga karatang pantao ay ipatupad sa kanya-kanyang bansa. Aktibo ang partisipasyon ng

bansang Pilipinas sa pagbubuo ng mga kasunduang ito. Ang ating bansa ay pumirma upang ipatupad ang mga ito sa ating bansa.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusuod:

1. Masusuri ang mga karapatan na nakasaad sa iba't ibang pandaigdigang instrumento ukol sa karapatang pantao;
2. Maipaliliwanag ang mga dahilan ng pagkakaroon ng mga kasunduang pandagidig para sa mga tao, pangkat, bata at kababaihan; at
3. Masasabi ang kahalagahan ng mga pandaigdigang instrumento para sa karapatang pantao.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Ilista ang mga karapatang dapat matamasa ng isang tao sa mga sumusunod na kapaligiran:

| Kapaligiran | Mga Karapatan | Uri |
|---|---|---|
| Tahanan | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| Paaralan | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| Barangay | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| Bansa | | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

2. Ano ang nangyayari sa karapatan ng tao habang siya ay lumalabas ang kanyang tahanan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Bakit mahalaga ang karapatan sa lahat ng kapaligiran ng isang tao?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Ano ang iyong pakiramdam kapag alam mong nabibigyang proteksyon ang iyong karapatan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**Ang Pandaigdigang Kasunduan sa Karapatang Sibil at Pulitikal**

Ang kasunduang ito ay ipinatutupad sa mga bansang sumang-ayon dito. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang pumirma dito. Pangunahing binibigyang proteksyon ng kasunduang ito ang karapatang mabuhay ng bawat isa. Sakop nito ang mga sumusunod na **karapatang sibil**:

**Karapatang Mabuhay**

- Walang sinuman ang dapat kitlan ng buhay nang hindi makatwiran;
- Walang sinuman ang maging biktima ng pananakit, di makataong pagtrato o pagparusa; maging alipin o biktima ng di makatwirang aresto at pagkakulong;
- Sinumang inaresto ay dapat mabigyan ng impormasyon hinggil sa dahilan ng pag-aresto;

- Sinumang inaresto o ikinulong dahil sa isinampang krimen laban sa kanya ay dapat iharap sa hukom o sinumang taong may kapangyarihang maglitis ng kaso; at
- Sinumang naging biktima ng ilegal na aresto o pagkakakulong ay dapat magkaroon ng karampatang sahod sa mga araw ng kanyang pagkakakulong;

**Karapatan Maging Malaya**

- Karapatan ng bawat isa na malayang maglakbay, pumili ng tirahan at umalis ng bansang tinitirhan; ngunit karapatan ng estado na paalisin ang mga dayuhang lumalabag sa batas ng estado;
- Ang lahat ng tao ay pantay-pantay sa harap ng batas kayat karapatan ng bawat tao na maidulog ang kanyang kaso ayon sa makatarungang proseso;
- Hindi dapat bigyan ng parusa ang mga taong may pagkilos na hindi pa labag sa batas noong kanyang ginawa ang pagkilos.
- Dapat makatao ang pagtrato sa sinumang nakulong at walang sinuman ang dapat makulong dahil sa di pagtupad sa kontrata;
- Hindi dapat bigyang kaparusahan ang isang tao sa isang aksyon na hindi pa krimen noong ito ay ginawa; at
- Hindi dapat pakialaman ang kalayaan ng isang pribadong indibidwal, pamilya, tahanan at mga sulat;

**Mga Karapatang Pulitikal**

Ang mga sumusunod ay mga karapatan ng tao bilang isang mamamayan ng bansa:

- Kalayaan sa pag-iisip, konsyensya at relihiyon, maging ang kalayaan sa pananalita at karapatan sa impormasyon;

- Kalayaan sa anumang uri ng propaganda para sa digmaan. Ang pagsusulong ng galit sa bansa, lahi o relihiyon na nag-uudyok ng diskriminasyon, kasungitan o agresyon ay ipinagbabawal sa batas;
- Karapatang sumali sa matahimik na asembliya;
- Karapatan sa pagbubuo ng mga samahan;
- Ang mga babae at lalaki ay may karapatang mag-asawa at magtatag ng pamilya. Kinikilala din nito ang pagkakapantay-pantay ng mga mag-asawa habang sila ay kasal at maging sa panahon na napawalang bisa ang kanilang kasal;
- Karapatan ng mga bata ang magkaroon ng pamilya, lipunan at nasyonalidad,
- Karapatan ng bawat mamamayan na sumali sa anumang gawaing pampubliko, bumoto at iboto, at makinabang sa mga serbisyong publiko;
- Lahat ng tao ay may proteksyon sa ilalim ng batas; at
- Dapat magkaroon ng mga batas upang bigyang proteksyon ang mga pangkat etniko, relihiyon o linggwistikong grupo.

Ang mga karapatang sibil ay ukol sa mga karapatan ng tao bilang tao samantalang ang mga karapatang pulitikal ay tungkol sa mga karapatan ng tao bilang mamamayan ng isang estado.

Halos lahat ng nasa probisyong ito ay matatagpuan sa *Bill of Rghts* ng Saligang-Batas ng 1987 ng Pilipinas.

**Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkultural**

Ang kasunduang ito ay nabuo upang bigyang proteksyon ang mga indibidwal o pangkat sa iba't ibang panig ng mundo.

Ang mga karapatang ito ay ang mga sumusunod:

- Karapatan ng lahat ng tao na bigyang direksyon ang kanyang katayuang pulitikal, kabuhayan, panlipunan at pangkultural na pag-unlad;

- Karapatan ng tao na ibahagi at paunlarin ang kanilang likas na kayamanan;
- Karapatan ng bawat isa na maghanapbuhay, magkaroon ng makatao at makatarungang kondisyon sa trabaho, magkapantay na suweldo at trabaho, ligtas at maayos na lugar ng trabaho at magkaroon ng pahinga at libangan;
- Karapatang bumuo at sumali sa mga unyong pangkalakal, karapatang mag-aklas at karapatan sa panlipunang seguro
- Proteksyon para sa mga nanay at kabataan
- Karapatan sa sapat na antas na pamumuhay: sapat na pagkain, damit at bahay.
- Lahat ay may karapatan sa mataas na pamantayan sa pisikal at pangkaisipang kalusugan at edukasyon

Ang mga bansa na pumirma sa kasunduan ay dapat maglaan ng libreng edukasyon sa primarya at pagsikapang libre ang edukasyon sa sekondarya. Pantay din ang pagkakataon sa lahat na makapg-aral sa tersyarya. Ang mga magulang at legal na tagapag-aalaga ay malayang nakakapili ng mga paaralan upang mabigyang proteksyon ang kanilang edukasyong pangrelihiyon at moral.

Lahat ay may karapatang makibahagi sa buhay kultural ng pamayanan at magtamasa ng mga nadiskubreng siyensya. Dapat may mga hakbang na nagawa upang mapanatili, mapaunlad at mapalawak ang kultura at agham. Ang kalayaan sa pananaliksik at paglikha ay dapat irespeto at lahat ay may karapatang magtamasa ng mga benepisyo sa sariling pananaliksik at paglikha.

Ang mga karapatang ito ang pinakamahirap matugunan sapagkat maraming mga bansa ang mahirap at kapos ang kanilang badyet upang mabigyan ng serbisyo ang mga mamamayan.

**Kasunduan Ukol sa Karapatan ng mga Bata (*Convention on the Rights of the Child*)**

Ang Kasunduan Ukol sa Karapatan ng mga Bata ay isang pandaigdigang kasunduan ng mga bansa upang mabigyang proteksyon ang mga batang may 18 gulang pababa sa anumang bansa sa daigdig.

Ang mga karapatan ay nakagrupo sa apat na aspeto: karapatang mabuhay, karapatang magtamasa ng kaunlaran, karapatang mabigyang proteksyon at karapatan sa partisipasyon sa lipunan.

Ang mga karapatang mabuhay ng may dignidad (***Survival Rights***) ay ang mga sumusunod:

- Karapatang Mabuhay
- Karapatan sa kalusugan
- Karapatan sa pamilya
- Karapatan sa maayos na pamumuhay

Ang mga bata ay wala pang kakayahan na maghanapbuhay upang mapangalagaan ang kanilang sarili. Mahalaga ang kalinga ng mga magulang at pamilya upang sila ay mabuhay nang may dignidad. Pangunahing prinsipyo na dapat igalang sa mga bata ay ang pangangailangan nila ng kalinga upang mabuhay.

Ang mga karapatang pangkaunlaran (***Development Rights***) ay:

- Karapatan sa edukasyon
- Karapatan sa pagpapaunlad ng personalidad
- Karapatan sa relihiyon
- Karapatang makapaglaro at makapaglibang
- Karapatan sa impormasyon at kaalaman

Mahalagang mapaunlad ang kakayahan ng mga bata habang sila ay bata pa upang sa mga susunod na panahon ay makabubuo tayo ng bansang maunlad din.

Ang mga karapatan ukol sa pagbibigay proteksyon (***Protection Rights***) ay:

- Karapatan sa isang payapa at ligtas na pamayanan
- Karapatan sa proteksyon sa oras ng armadong paglalaban

- Karapatan sa proteksyon laban sa diskriminasyon
- Karapatan laban sa pang-aabuso at pagsasamantala

Ang pangangalaga sa kapakanan ng mga bata ay mas mahalaga sa panahon ng digmaan, kalamidad at panganib. Unang dapat isaalang-alang ng mga magulang at pamahalaan ang kapakanan ng mga bata sapagkat wala pa silang kakayanan na iligtas ang kanilang sarili.

At ang karapatan sa pakikilahok (***Participation Right***) ay:

- Karapatang makapagpahayag g sariling opinion o pananaw

Ang mga bata ay tao rin kayat nararapat lamang na bigyan sila ng pagkakataong magpahayag ng kanilang saloobin.

**Ang Kababaihan sa Lipunang Pilipino**

Maraming katangian ang mga kalalakihan na halos pareho din sa mga babae tulad ng pagiging agresibo, matalino, mapagbigay, masipag, malambing, at iba pa. May mga gawain naman ang mga lalaki na kaya rin ng babae tulad ng gawain ng abogado, doktor, mekaniko, kaminero, inhenyero, at iba pa.

Sa mahabang panahon, tiningnan ang mga tungkulin ng babae at lalaki batay sa bayolohikal na katangian ng ating lipunan. Ang mga babae ay nanganganak kayat pangunahin sa naging tungkulin niya ay mag-alaga ng bata at gampanan ang mga gawaing bahay. Dahil sa ang lalaki ay hindi nanganganak, naging tungkulin niya ang maghanapbuhay sa labas ng tahanan. Maskulado ang lalaki kayat ang mga mabibigat na gawain ay iniatang sa kanya. Samantala, tiningnan ang babae na may maliit at malambot na pangangatawan kayat pananahi, panunulsi, pagluluto at iba pang pambahay na gawain ang iniatang sa kanya. Dahil nagkaroon ng pagkakaiba-iba ng tungkulin ng babae at lalaki: ang babae sa loob ng bahay lamang at ang lalaki sa labas ng bahay, ang naging resulta ay ang kakulangan ng pagkakataon ng babae sa pagganap ng mahahalagang gawain sa lipunan.

Karamihan ng pinuno ng mga bayan ay mga lalaki. Ang mga namamahala ng malalaking negosyo ay ibinibigay ng pamilya o ng mga miyembro sa lalaki. Nawalan


ang babae ng mahalagang papel sa pag-unlad ng bansa. Dahil dito, marami sa mga kababaihan ang nakaranas ng di-pantay na pagtingin na nagreresulta sa iba't ibang problema tulad ng pambubog ng asawa, karahasan sa kababaihan, pagbebenta sa mga babae, at iba pa.

Ang ganitong sitwasyon ang nag-udyok upang bigyang proteksyon ang karapatan ng mga kababaihan.

**Kasunduan sa Pag-aalis ng Diskriminasyon Laban sa Kababaihan (*Convention on Elimination of Discrimination Against Women*)**

Ang kasunduan sa pag-aalis ng diskriminasyon laban sa kababaihan ay sinimulang ipatupad noong 1981. Ito ay kinapapalooban ng mga sumusunod na karapatan ng mga kababaihan:

- Karapatan sa pantay na pagtingin sa babae at lalaki
- Partisipasyon sa pulitikal at pampublikong larangan
- Partisipasyon sa pandaigdigang talastasan
- Karapatan sa nasyonalidad
- Pantay na karapatan sa edukasyon
- Karapatang maghanapbuhay
- Karapatan sa pangangalaga ng kalusugan at pagpaplano ng pamilya
- Karapatang magtamo ng pangkabuhayan at panlipunang benepisyo
- Pantay na pagtingin sa mga kababaihan sa rural
- Pantay na pagtingin sa harap ng batas
- Karapatang mag-asawa at magkapamilya



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Pansinin mo ang bata sa larawan. Isulat sa paligid ng bata ang mga katangian ng isang bata.



1. Ilista ang mga pangangailangan ng mga bata.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Natugunan ba ang iyong mga pangangailangan bilang isang bata? Ipaliwanag.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

B. Pansinin mo naman ngayon ang lalaki at babae sa larawan. Pagkatapos ay gawin ang hinihngi sa bawat kahon



| Isulat ang katangian ng mga lalaki ayon iyong pananaw :______________________________ |
|---|
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |
| ______________________________ |



Isulat ang katangian ng mga babae ayon sa iyong pananaw.

______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________
______________________________________

1. May pagkakaiba ba ang mga katangian ng babae at lalaki?

______________________________________
______________________________________

2. Anu-ano ang mga katangian ng lalaki na maaring katangian din ng mga babae?

______________________________________
______________________________________

3. Pantay ba ang karapatan ng mga babae sa lalaki sa ating bansa? Ipaliwanag.

______________________________________
______________________________________
______________________________________



**Tandaan Mo!**

May Iba't ibang pandaigdigang Instrumento ukol sa karapatang pantao. Ang mga ito ay :

- Ang Pandaigdigang Kasunduan sa Karapatang Sibil at Pulitikal
- Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkultural.
- Ang Kasunduan Ukol sa Karapatan ng mga Bata. Ang mga karapatan ay nakagrupo sa apat na aspeto: karapatang mabuhay, karapatang magtamasa ng kaunlaran, karapatang mabigyang proteksyon at partisipasyon.
- Kasunduan sa Pag-aalis ng Diskriminasyon Laban sa Kababaihan (Convention on Elimination of Discrimination Against Women)



**Gawain 3: Paglalapat**

Sagutin ang mga sumusunod:

1. May nakita kang bata kapitbahay na laging pinapalo ng magulang, ano ang iyong gagawin?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. May kapatid kang ayaw paaralin ng iyong magulang sapagkat siya ay babae. Ano ang iyong gagawin?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

3. Magtanong ng mga paraan kung paano itinataguyod ng mga sumusunod ang karapatan ng bata at kababaihan sa pamilya at pamayanan:


| Mga Nagtataguyod | Mga bata | Kababaihan |
|---|---|---|
| 1. Nanay Mo | | |
| | | |
| 2. Tatay mo | | |
| | | |
| 3. Pinuno ng iyong barangay | | |
| | | |
| 4. Pulis sa iyong pamayanan | | |
| | | |
| | | |

**ARALIN 3**

**MGA PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO AT MGA HAKBANG UPANG IWASAN ITO**



Malalaman mo naman sa araling ito ang iba't ibang uri ng paglabag sa karapatang pantao. Hihikayatin ka rin ng araling ito na magsulong ng iyong karapatan at ng karapatan ng iyong kapwa.



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagsusuri ng iba't ibang anyo ng paglabag sa karapatang pantao;
2. Makapagpapaliwanag ng mga sitwasyon ng paglabag sa karapatang pantao sa iba't ibang kapaligiran; at
3. Makapaglalahad ng mga hakbang upang mabigyang proteksyon ang karapatang pantao.



**Gawain 1 : Pag-isipan Mo**

1. Gumuhit ng mga simbolo na nagpapakita ng hindi pagkakamit ng karapatan ng mga tao sa iba't ibang kapaligiran.
2. Isulat ang kahulugan ng bawat simbolo sa talahanayan sa ibaba.

| Mga indibidwal o pangkat | Kapaligiran | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Tahanan | Paaralan | Pamayanan | Bansa | Daigdig |
| Bata | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Kababaihan | | | | | |
| Mga Katutubong Mamamayan | | | | | |

3. Anu-ano ang mga karapatang sa palagay mo ay hindi natatamasa ng mga sumusunod sa iyong pamayanan o sa ating bansa?
   a. Mga bata

      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________

   b. Kababaihan

      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________

   c. Mga Katutubo

      ______________________________
      ______________________________
      ______________________________

4. Bakit hindi nila natatamasa ang kanilang mga karapatan?

**Konsepto ng Paglabag sa Karapatan**

Anumang karapatan na hindi natatamasa o naisusulong ng tao ay isang uri ng paglabag sa karapatang pantao. Pangunahin sa karapatan ng tao ay ang karapatang mabuhay nang may dignidad. Halimbawa, ang pagkitil ng buhay ay isang pagpigil sa karapatan ng taong mabuhay. Maging ang pagsikil sa kalayaan ng tao ay isang pag-aalis sa karapatan ng taong mabuhay nang malaya.

Sa pangkalahatan, ang paglabag sa karapatang pantao ay makikita kapag nilabag ng tao at ng estado Saligang-Batas ng Pilipinas at ang mga Pandaigdigang Instrumento sa Karapatang Pantao.

Iba't iba ang anyo ng paglabag sa karapatang pantao tulad ng pisikal, sikolohikal o emosyonal at istruktural.

- ***Pisikal na Paglabag sa Karapatang Pantao***. Pisikal na paglabag ang turing kapag ang nasaktan ay ang pisikal na pangangatawan ng tao. Ang pambubugbog, pagkitil ng buhay, pagputol sa anumang parte ng katawan ay ilan sa halimbawa ng pisikal na paglabag. Maging ang sekswal na pananakit tulad ng panghahalay at pagsasamantala ay isang pisikal na paglabag sa karapatang pantao.
- ***Sikolohikal at Emosyonal na Paglabag sa Karapatang Pantao***. Ang pisikal na pananakit ay nagdudulot ng trauma sa isang tao. Ito ang nagiging dahilan kaya nawawalan ng kapayapaan ng loob ang isang tao at bumababa din ang pagtingin niya sa kanyang sarili. Maging ang pagsasalita nang masama sa tao

ay isang uri ng sikolohikal na paglabag sa kanyang karapatan sapagkat ito ay nagreresulta sa balisang estado ng isang tao.

- ***Istruktural***. Ang kaayusan ng lipunan batay sa kung sino ang may kapangyarihan, kayamanan at kalagayan sa lipunan ay simula ng hindi pagtatamasa ng karapatan istruktural. Ang istruktural na paglabag ay makikita kung ang tao ay walang kabuhayan, mababa ang kanyang kalagayan sa lipunan at wala siyang kapangyarihan magdesisyon para sa sarili, sa pamilya, sa pamayanan, sa bansa at sa daigdig.

Ang mga paglabag sa karapatang pantao ay nangyayari sa tahanan, pamayanan, paaralan, trabaho, bansa, at daigdig.

Sa tahanan, madalas na paglabag ay ang pang-aabuso sa mga bata at kababaihan. Ang hindi pagbibigay ng pagkain ng magulang sa bata, hindi pagpapaaral sa mababang paaralan, hindi pagbibigay ng pangalan at damit ay ilan lamang sa mga paglabag sa karapatang pantao ng mga tao.

Sa pamayanan, ang paglabag sa karapatang pantao ay makikita kapag ang mga lokal na opisyal ng pamahalaan ay hindi tumupad sa tungkuling panatilihing malinis, maayos at mapayapa ang kapaligiran. Tungkulin din ng lokal na pamahalaan na paratingin ang mga pangunahing serbisyo publiko tulad ng serbisyo sa kalusugan, kuryente, tubig, komunikasyon, edukasyon, at iba pa.

Sa paaralan, edukasyon ang pangunahing serbisyong dapat ihatid sa mga mamamayan. Ang pananakit pisikal, sekswal at sikolohikal sa mga mag-aaral ay ay paglabag din sa karapatan ng mga mag-aaral.

Sa bansa, pisikal, sikolohikal at istruktural ang karaniwang paglabag sa karapatang pantao. Pisikal at sikolohikal ang paglabag kapag ang mga kinatawan ng pamahalaan tulad ng pulis, militar, pinuno at kagawad ng barangay, o iba pang sangay ng pamahalaan, ay nanakit sa mga tao. Istruktural ang paglabag kapag ang pamahalaan ay walang programa upang umangat ang kabuhayan, panlipunan, at kultural na kalagayan ng mga mamamayan.

Sa mundo, lahat din ng uri o ng paglabag o bayolasyon ay madarama kapag ang mga kinatawan ng mga bansa ay nakasakit sa mga tao o kaya ay gumawa ng mga kasunduang nakasasama sa tao. Ilan dito ay ang pakikipagdigmaan, paggawa ng mga armas pandigmaan, at pakikipagkalakal na mayayamang bansa lamang ang may pakinabang.

**Mga Hakbang Upang Mabigyang Proteksyon Laban sa Mga Paglabag sa Karapatang Pantao**

Maraming paraan upang mabigyan tayo ng proteksyon at hindi malabag ang ating karapatan bilang tao. Ito ang mga hakbang:

1. Pagdulog sa mga lokal na hukuman
2. Pagdulog sa Pandaigdigang Korteng Pangkatarungan (International Court of Justice)
3. Edukasyon para sa karapatang pantao
4. Pagsasabuhay ng karapatang pantao

**Pagdulog sa mga lokal na hukuman**. Kapag nalabag ang iyong karapatan, maaring magsimulang dumulog sa katarungang pambarangay lalo na kapag ang uri ng paglabag ay sakop nito. Kapag hindi sakop, ang kaso ay ipapasa sa tamang hukuman. May mga libreng abogado ang Kagawaran ng Katarungan, ang Komisyon sa Karapatang Pantao, at iba pang institusyon na maaaring makatulong sa pagsasampa at paglilitis ng kaso. Ang mga karapatang sibil at pulitikal ang karaniwang dinidinig ng mga korte sa Pilipinas.

Ang mga kawani ng pamahalaan ay maaring magsampa ng reklamo sa kanilang mga opisina o sa Komisyon ng Serbisyo Sibil at kung ang pagkakasala ay may malakas na ebidensya, maari itong idulog sa Sandigang Bayan.

Ang Kagawaran ng Paggawa at Empleo ay tumutulong naman sa mga manggagawa hinggil sa paglabag ng kanilang karapatang may kinalaman sa paggawa.

Ang Komisyon ng Karapatang Pantao at *Public Attorney's Office* ng Kagawaran ng Katarungan ay nagbibigay ng libreng serbisyong legal sa mga Pilipinong mahihirap.

**Pagdulog sa Pandaigdigang Hukumang Pangkatarungan.** Kapag ang mga kaso ay patungkol na sa mga alitan ng tao na galing sa iba't ibang nasyonalidad o alitan ng mga bansa, ito ay idinudulog sa Pandaigdigang Hukumang Pangkatarungan. Nanlilitis nila ang mga kaso na nagiging sagabal sa pagsusulong ng karapatang pantao.

**Edukasyon Para sa Karapatang Pantao.** Ito ang isa sa pinakamahusay na paraan upang hindi malabag ang karapatang pantao. Ang pag-alam sa iba't ibang karapatan ng tao, maging ang mga paglabag, ay malaking tulong upang maging mapayapa ang ating lipunan. Ang pag-aaral ng ating karapatan ay siyang magmumulat ng ating kaisipan upang ito ay isabuhay.

**Pagsasabuhay ng Karapatang Pantao.** Mahalagang hindi huminto ang pag-aaral ng karapatang pantao sa pagsasaulo lamang ng mga probisyon ng mga batas. Ang pagsasabuhay ng mga natutuhan sa pang-araw-araw na pamumuhay ay isang hamon sa pagsusulong natin ng karapatang pantao. Ito ang tunay na pagkilos upang mapigilan ang paglabag sa ating karapatan at sa karapatan ng iba.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Mag-interbyu ng Punong Barangay at isang pulis sa iyong pamayanan. Itanong kung anu-ano ang mga karaniwang kaso sa paglabag ng karapatang pantao. Itanong din ang kanilang hakbang na ginawa upang mabigyang proteksyon ang mga naging biktima ng paglabag sa karapatang pantao. Isulat sa tsart ang iyong nakalap na datos.

| Mga tinanong | Mga paglabag | Hakbang na ginawa |
|---|---|---|
| Pulis | 1. | |
| | 2. | |
| | 3. | |
| | 4. | |
| | 5. | |
| Punong barangay | 1. | |
| | 2. | |
| | 3. | |
| | 4. | |
| | 5. | |

2. Ano ang iyong masasabi sa mga hakbang na ginawa ng:
    a. Pulis ________________________________________________

    ________________________________________________

    ________________________________________________

    ________________________________________________

    b. Punong barangay ________________________________________

    ________________________________________________

    ________________________________________________

    ________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang paglabag sa karapatang pantao ay nararanasan kapag hindi nakakamit o naisusulong ng tao ang kanyang mga karapatan.
- Iba't iba ang anyo ng paglabag sa karapatang pantao: ito ay maaring pisikal at sekswal, sikolohikal o emosyonal, at istruktural.
- May mga paraan upang mabigyang proteksyon ang ating mga karapatan; Ito ay ang mga sumusunod:
    1. Pagdulog sa mga lokal na hukuman.
    2. Pagdulog sa Pandaigdigang Korteng Pangkatarungan (*International Court of Justice*)
    3. Edukasyon para sa karapatang pantao
    4. Pagsasabuhay ng karapatang pantao



**Gawain3: Paglalapat**

1. Ngayong alam mo na ang iyong karapatan, bumuo ng simpleng plano kung paano mo isusulong ang karapatang pantao.

| Mga hakbang | 2006 | 2007 | 2008 |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |

| Mga hakbang | 2009 | 2010 | 2011 |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

2. Bakit mahalagang magplano para sa pagsusulong ng karapatang pantao?

### MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:

**Ang mga sumusunod ay pangunahing kaisipan na dapat mong tandaan tungkol sa modyul na ito:**

- Ang karapatang pantao ay ang mga karapatan na nakakamit ng tao sa oras pa lamang ng kanyang pagkasilang. Ito ay ang pagtatamasa ng kanyang mga pangangailangan upang siya ay mabuhay.
- Ang karapatang pantao ay may dalawang uri: ang pang-indibidwal at pangkatan.
- Ang pang-indibidwal na karapatan ay ang karapatang sibil, pulitikal, pangkabuhayan, pangkultural at panlipunan.
- Ang karapatan mga pangkat ay ang karapatang pangkultura, pangkabuhayan, at panlipunan.
- Ang Saligang-Batas ng Pilipinas at ang Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao ay ang mga pangunahing batayan ng karapatang pantao ng mga Pilipino.
- May iba't ibang pandaigdigang instrumento ukol sa karapatang pantao. Ang mga ito ay :
  - Ang Pandaigdigang Kasunduan sa Karapatang Sibil at Pulitikal
  - Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkultural
  - Ang Kasunduan Ukol sa Karapatan ng mga Bata. Ang mga karapatan ay nakagrupo sa apat na aspeto: karapatang mabuhay, karapatang

magtamasa ng kaunlaran, karapatang mabigyang proteksyon, at karapatan sa partisipasyon.

- ♦ Kasunduan sa Pag-aalis ng Diskriminasyon Laban sa Kababaihan (*Convention on Elimination of Discrimination Against Women)*

- ❖ Ang paglabag sa karapatang pantao ay nararanasan kapag hindi natatamasa o naisusulong ng tao ang kanyang mga karapatan.
- ❖ Iba't iba ang anyo ng paglabag sa karapatang pantao: Ito ay maaring pisikal at sekswal, sikolohikal o emosyonal, at istruktural.
- ❖ May mga paraan upang mabigyang solusyon ang paglabag sa ating mga karapatan; Ito ay ang mga sumusunod:
    1. Pagdulog sa mga lokal na hukuman
    2. Pagdulog sa Pandaigdigang Korteng Pangkatarungan (*International Court of Justice*)
    3. Edukasyon para sa karapatang pantao
    4. Pagsasabuhay ng karapatang pantao



**PANGHULING PAGSUSULIT**

I. **Panuto:** Isulat ang iba't ibang uri ng paglabag sa karapatang panato: **S** kung sibil na karapatan, **P** kung Pulitikal, K kung Pangkabuhayan, **KL** kung pangkultural at **L** kung panlipunang karapatan.

___________1. Karapatang mamili ng panirahan
___________2. Pagsali sa referendum
___________3. Karapatang mabuhay
___________4. Magtamasa ng kaunlaran dahil sa mga imbensyon
___________5. Magsulong ng mapayapang pamayanan
___________6. Pantay na proteksyon ng batas
___________7. Asylum
___________8. Seguridad ng pamayanan
___________9. Pantay na pagtingin sa babae at lalaki
___________10. Partisipasyon sa pagsusulong ng tradisyon

II. **Panuto:** Isulat ang titik ng tamang kasagutan

___________1. Tinatamasa ng tao mula sa kanyang pagsilang hanggang siya ay mamatay

A. dignidad
B. karapatang pantao
C. pagkatao,
D. pangangailangan

___________2. Ang pagrespeto sa karapatang pantao ay tungo sa kapayapaan ng lipunan

A. kapayapaan ng lipunan
B. kaayusan ng lipunan
C. kalinisan ng lipunan
D. a at b
E. a at c

___________3. Ang mga sumusunod na probisyon ng Saligang-Batas ay nagsusulong ng karapatang pantao maliban sa:

A. *Bill of Rights*
B. Mga Pambansang Komisyon
C. Pambansang Patrimonya at Ekonomiya
D. Deklarasyon ng Prinsipyo at Patakaran ng Estado

___________4. Ang karapatan sa kabuhayan ay isinusulong ng

A. *Bill of Rights*
B. Mga Pambansang Komisyon
C. Pambansang Patrimonya at Ekonomiya
D. Deklarasyon ng Prinsipyo at Patakaran ng Estado

___________5. Ang karapatang sibil at pulitikal ay makikita sa

A. *Bill of Rights*
B. Mga Pambansang Komisyon
C. Pambansang Patrimonya at Ekonomiya
D. Deklarasyon ng Prinsipyo at Patakaran ng Estado

___________6. Ang nagsusulong ng karapatang pantao ay

A. Katarungang Panlipunan
B. *Family Code of the Philippines*
C. Saligang Batas
D. a at b
E. b at c

___________7. Ang nagsusulong ng karapatan para sa mga mahihirap ay

A. Katarungang Panlipunan
B. *Family Code of the Philippines*
C. Saligang-Batas ng Pilipinas
D. a at b
E. b at c

___________8. Ano ang nalalabag ng dayuhang kumpanya na nagmimina sa likas na yaman ng iyong pamayanan?

A. Karapatang Pangkabuhayan

B. Karapatang Pangkultural
C. Karapatang Panlipunan
D. Karapatang Sibil

___________9. May mga nagtayo ng pangisdaan sa lawa na pag-aari ng mga katutubo. Ang taong nagtayo ay hindi kabilang sa pangkat ng mga katutubo. Ito ay paglabag sa:

A. Karapatang Pangkabuhayan
B. Karapatang Pangkultural
C. Karapatang Panlipunan
D. Karapatang Sibil

___________10. May nagsagupaang militar at rebelde sa inyong pamayanan. Ito ay paglabag sa:

A. Karapatang Pangkabuhayan
B. Karapatang Pangkultural
C. Karapatang Panlipunan
D. Karapatang Sibil

___________11. Ang isang pagawaan ay mapanganib sa kalusugan ng mga manggagawa. Ito ay paglabag sa:

A. Karapatang Pangkabuhayan
B. Karapatang Pangkultural
C. Karapatang Panlipunan
D. Karapatang Sibil

___________12. Ang isang sanggol ay iniwan ng kanyang ina sa ospital. Ito ay paglabag sa karapatan ng bata sa:

A. Edukasyon
B. Kalusugan
C. Nasyonalidad
D. Pag-aaruga

___________13. Hanggang Grade V lang pinaaral ng magulang si Jose. Ito ay paglabag sa karapatan ng bata sa:

A. Edukasyon
B. Kalusugan
C. Nasyonalidad
D. Pag-aaruga

___________14.  Ang instrumento na nagtataguyod ng karapatan ng bata ay ang

A. CEDAW
B. CRC
C. Saligang-Batas
D. UDHR

___________15. . Ang instrumento na nagtataguyod ng karapatan ng mga kababaihan ay ang

A. CEDAW
B. CRC
C. Saligang-Batas
D. UDHR

___________16. Ang karapatan ng bata sa edukasyon ay karapatang:

A. pangkaunlaran
B. pagkakaroon ng proteksyon
C. pangkaligtasan
D. pakikilahok o partisipasyon

___________17. May partikular na batas ang mga kababaihan sapagkat sila ay:

A. mahihina
B. may partikular na pangangailangan
C. nawalan ng mga karapatan dahil sa pagkababae nila
D. nawalan ng pagkakapantay-pantay na pagtingin sa babae at lalaki

___________18  Ang isang babae ay binastos ng kanyang among lalaki. Ito ay paglabag na:

A. istruktural    C. sekswal
B. pisikal    D. sikolohikal

__________19. Kapag ang isang bata ay inabuso, saan dapat dumulog ng kaso?

A. hukumang pambarangay
B. paaralan
C. simbahan
D. korte suprema

___________20. Ang isang lalaki ay binugbog ng pulis. Saan siya maaring humingi ng tulong?

A. katarungang pambarangay
B. opisina ng pambansang pulis
C. paaralan
D. simbahan

III. **Panuto:** Bumuo ng isang jingle, tula o awit na may mensahe ng karapatan



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

I.

1. Karapatang Sibil
2. Karapatang Sibil
3. Karapatang Sibil o Pangkabuhayan
4. Karapatang Sibil
5. Karapatang Pulitikal
6. Karapatang Panlipunan
7. Karapatang Kultural
8. Karapatang Pulitikal
9. Karapatang Pulitikal
10. Karapatang Kultural

II.

1. Karapatang Pantao
2. Saligang Batas
3. CEDAW
4. CRC
5. UDHR
6. Indibidwal
7. Indibidwal
8. Nalalabag
9. Pisikal
10. Sekswal

**ARALIN 1 KONSEPTO, BATAYAN AT URI NG KARAPATANG PANTAO**

**Gawain 1: Pag-Isipan Mo!**

1. pagkain, damit, tahanan, edukasyon at iba pa

2–3. Batay sa karanasan ng mag-aaral ang sagot. Ipatsek sa gurong tagapamahala.

4. pamilya, simbahan, paaralan, at iba pa
5. mamamatay
6. dignidad
7. nagtatamasa
8. Batay sa karanasan ng mag-aaral ang sagot

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1.

2-3.

4. Maaring himukin ang pamahalaan na sundin ang kasunduang pinirmahan

**Gawain 3: Paglalapat**

Depende sa datos na nakalap ng mag-aaral

**ARALIN 2 IBA PANG PANDAIGDIGANG INSTRUMENTO NG KARAPATANG PANTAO**

**Gawain 1: Pag-Isipan Mo!**

1. Batay ang sagot sa karanasan ng mag-aaral. Ipatsek sa gurong tagapamahala ng modyul.
2. Lumalawak ang karapatang dapat matamasa.
3. Mabigyang proteksyon ang dignidad ng tao.
4. Masaya at kuntento.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Katangian ng mga Bata

1. a. di pa lubos na debelop ang pisikal at intelekwal na katangian
   b. kailangan pa ng gabay sa pag-iisip
   c. hindi pa kayang maghanapbuhay
   d. hindi pa sapat ang mga natutunan
   e. kailangan pang paunlarin ang pagkilala sa sarili
2. Batay sa karanasan ng mag-aaral ang sagot. Ipatsek sa gurong tagapamahala

B.

| Isulat ang katangian ng mga lalaki ayon iyong pananaw :______________________________ | Isulat ang katangian ng mga babae ayon sa iyong pananaw. ______________________________ |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |

Mga sagot sa tanong:

1. Meron, bayolohikal na katangian
2. Lahat ng katangian ay maaring pareho maliban sa bayolohikal na katangian
3. Batay sa karanasan nya ang kasagutan ng magaaral. Ipatsek sa gurong tagapamahala

**Gawain 3: Paglalapat**

Batay sa karanasan ng mag-aaral ang sagot. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang ginawa mong tsart.

## ARALIN 3 PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO AT MGA HAKBANG UPANG IWASAN ITO

**Gawain 1: Pag-isipan mo!**

Batay sa karanasan ng mag-aaral ang sagot. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang ginawa mong tsart at ang mga sagot sa tsart.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Batay sa karanasan ng mag-aaral ang mga sagot. Ipatsek sa gurong tagapamahala.

**Gawain 3: Paglalapat**

Batay sa karanasan ng mag-aaral ang mga sagot. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong nagawang plano at mga sagot sa tanong.

**Panghuling Pagsusulit**

I.
1. S
2. P
3. K/S
4. KL
5. L
6. S
7. P
8. L
9. L
10. KL

II.
1. B
2. D
3. B
4. C
5. A
6. E
7. A
8. A
9. K
10. C
11. A
12. D
13. A
14. B
15. A
16. A
17. D
18. C
19. A
20. B

III. Depende sa kakayahan ng mag-aaral ang magagawa nilang awit o jingle; ngunit dapat sundin ang mga sumusunod na kriterya:

1. Nilalaman
2. Orihinal
3. Pagkamalikhain

Ipatsek as gurong tagapamahala ang iyong ginawa.

**References:**


Brander, et al. 2003. **Compass: A Manual on Human Rights Education with Young People**. Strasbourg**:** council of Europe

Patawaran, Milrose. 2002. **Paglinang at Pagpapatibay ng Instrumentong Panukat sa Kamalayan sa Karapatan ng mga Bata ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang.** Manila: Philippine Normal University, Unpublished Thesis.

Sison, Carmelo B. **Panimulang Aklat sa Pag-aaral ng 1987 Konstitusyon at Pamahalaan ng Pilipinas**. UP Law Center, Institute of Government and Law Reform

Sison, Carmelo B. 2001. **Teaching the 1987 Constitution, Pat II: Human Rights and the Bill of Rights.** Quezon City: JMC Press

Yeban, Felicia et al. 2003. **Human Rights Education Pack.** Bangkok, Thailand: **Asian Regional Resource Center**